



PAHAYAG SA MEDIA

PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG: Disyembre 15, 2021
MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Tina Landis, 415.940.3585

Distrito ng Hangin, hinigpitan ang mga panuntunan sa pagkuha ng permit para mas maprotektahan ang mga lubos na apektadong komunidad

Batay ang mga susog sa pagsisikap ng komunidad, na mas naghihigpit sa mga limitasyon kaugnay ng panganib sa kalusugan

SAN FRANCISCO – Ang Lupon ng Mga Direktor ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ay may mga pinagtibay na susog sa araw na ito sa Regulasyon 2, Panuntunan 1: Mga Pangkalahatang Kinakailangan, at Regulasyon 2, Panuntunan 5: Pagsusuri ng Bagong Source ng Mga Nakakalasang Contaminant sa Hangin para mas mahusay na matugunan ang polusyon sa hangin sa mga lugar na lubos na apektado ng mga stressor sa kapaligiran at kalusugan.

Bagama't gumanda na ang kalidad ng hangin sa rehiyon at lumiit na ang posibilidad na magkaroon ng cancer sa lugar kaugnay ng polusyon mula pa noong 1990, nananatiling hindi pantay ang pagkakatantad sa polusyon sa lokal na antas. Kamakailan ay inilabas ng Tanggapan para sa Pagtatasa ng Panganib sa Kalusugan na Nauugnay sa Kapaligiran ng estado ang tool na CalEnviroScreen 4.0 na nagpapakitang mas malaki ang posibilidad na magkasakit sa mga lugar na may hindi magandang kalidad ng hangin.

“Ang mga susog sa panuntunan na pinagtibay ngayong araw ay isang hakbang tungo sa pag-aalis sa mga hindi pagkakapantay-pantay na kinakaharap ng mga lubos na apektadong komunidad sa pamamagitan ng paghihigpit sa mga kontrol sa industriya,” sabi ni Jack Broadbent, ang tagapagpaganap na opisyal ng Distrito ng Hangin. “Sa tulong ng bagong data, natutukoy namin ang mga komunidad sa Bay Area na pinakaapektado ng mga nakakalasang contaminant sa hangin at nakakapagpatupad kami ng mga pagbabagong puwedeng maghatid ng mga tunay na pagpapabuti sa kalusugan para sa mga residenteng ito.”

Para matugunan ang mga lokal na epektong ito sa kalusugan sa mga lubos na apektadong komunidad, nakipagpulong ang Distrito ng Hangin sa mga organisasyong may adbokasiya sa komunidad para bumuo ng mga potensyal na konsepto at makakuha ng mga rekomendasyon sa kung paano mas makaprotekta ng kalusugan ang proseso ng pagpapahintulot. Sa pamamagitan ng isang serye ng mga pampublikong workshop at panahon ng pampublikong komento, gumawa ang Distrito ng Hangin ng draft ng mga iminumungkahing susog sa Panuntunan 2-1 at Panuntunan 2-5 na:

- Maglalarawan sa mga lubos na apektadong komunidad
- Magtatakda ng mas mahihigpit na limitasyon kaugnay ng posibilidad na magkaroon ng cancer sa mga lubos na apektadong komunidad sa 6 sa 1 milyon

- Magpapahusay sa mga pampublikong abiso para sa mga proyekto sa mga lubos na apektadong komunidad
- Mag-a-update sa mga alituntunin sa screening para sa panganib sa kalusugan ng mga pasilidad na nagdi-dispense ng gasolina
- Mag-e-extend sa mga timeline ng pagsusuri para sa permit

Ang mga karaniwang source ng mga nakakalasang contaminant sa hangin na posibleng maapektuhan ng mga susuog na ito sa panuntunan ay ang mga stationary na makina, gasolinahan, pag-extract ng vapor sa lupa, crematoria, at iba pa. Makakakita ng higit pang impormasyon tungkoll sa Panuntunan 2-1 at Panuntunan 2-5 sa baaqmd.gov/rules-and-compliance/current-rules.

Ang [Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area](#) ay ang panrehiyong ahensya na responsable para sa pangangalaga sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

#

*Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
[Air District Homepage](#) | [News Releases](#)*